

Simula sa Mayo 1, 2022, lahat ng kwalipikadong taga-California na 50 taong gulang o mas matanda ay makakakuha ng libreng buong saklaw na Medi-Cal anupaman ang katayuan sa imigrasyon! Ang mga tao ay maaaring maging kwalipikado para sa buong saklaw na Medi-Cal kung sila ay hindi nakadokumento.

Paano ako magpapatala sa buong saklaw na Medi-Cal?

Ang mga taong nakatala sa limitadong saklaw na Medi-Cal ("pang-emergency na Medi-Cal") ay awtomatikong makakakuha ng buong saklaw na Medi-Cal simula sa Mayo 1, 2022. Wala kayong kailangang gawin na anumang pagkilos.

Ang lahat ng iba pa ay makakapag-apply para sa Medi-Cal sa kanilang mga lokal na tanggapan ng welfare ng county at sa pamamagitan ng Covered CA:

- Makipag-ugnayan sa inyong tanggapan ng county sa pamamagitan ng [BenefitsCal.com](https://www.benefitscal.com).
- Hanapin ang impormasyon ng tanggapan ng inyong county sa <http://dhcs.ca.gov/COL>.
- Mag-apply para sa saklaw ng insurance sa kalusugan sa [CoveredCA.com](https://www.coveredca.com) at (800) 300-1506.
- Humingi ng tulong sa pag-a-apply sa isang klinika sa komunidad sa www.localclinic.net o sa isang navigator ng kalusugan sa komunidad.

Magpatala sa Medi-Cal ngayon! Kung mag-a-apply kayo at nakatala sa limitadong saklaw na Medi-Cal, makakatanggap kayo ng buong saklaw na Medi-Cal sa Mayo 1.

Paano kung kailangan ko ng tulong sa ibang wika?

May karapatan kayo sa mga libreng serbisyo ng tulong sa wika, kabilang ang mga interpreter.

Humiing ng tulong sa inyong county o sa Covered CA sa inyong wika.

Anong pangangalagang pangkalusugan ang makukuha ko sa buong saklaw na Medi-Cal?

Sinasaklaw ng Medi-Cal ang pangangalagang pangkalusugan na pang-iwas sa sakit at mga taunang check-up. Makakakuha rin kayo ng pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, mga serbisyo sa substance use disorder, inireresetang gamot at medikal na supply, transportasyon, personal na tulong sa bahay, pangangalaga sa ngipin at paningin (mata), pangangalaga sa paa, mga hearing aid, pangmatagalang pangangalaga, at higit pa!

Makakasama ba ang Medi-Cal sa aking katayuan sa imigrasyon?

Hindi. Ang paggamit ng Medi-Cal (maliban sa pangmatagalang pangangalaga) ay hindi makakasama sa inyong katayuan sa imigrasyon. Hindi isinasaalang-alang ng pederal na pamahalaan ang Medi-Cal sa pagtukoy sa pagdepende sa pamahalaan para mabuhay (public charge) para sa maraming imigrante. Kung mayroon pa kayong tanong tungkol sa inyong mga benepisyo sa Medi-Cal at sa inyong katayuan sa imigrasyon, makipag-ugnayan sa Health Consumer Alliance.

Maaari bang kunin ng Medi-Cal ang aking bahay?

Hindi. Hindi kukunin ng Medi-Cal ang inyong bahay. Para sa mga taong kukuha ng mga serbisyo ng pangmatagalang pangangalaga ng Medi-Cal, maaaring subukan ng Medi-Cal na bawiin ang gastos sa pangangalaga pagkatapos lang ninyong mamatay, pero may mga paraan upang protektahan ang inyong mga asset. Makipag-ugnayan sa Health Consumer Alliance para sa tulong.

Paano kung magiging 50 ako pagkatapos ng Mayo 1, 2022?

Kung magiging 50 kayo anumang oras sa Mayo 2022, babalik sa Mayo 1, 2022 ang inyong buong saklaw. Kung magiging 50 kayo pagkatapos ng Mayo 2022, magsisimula ang inyong buong saklaw sa unang araw ng buwan kung kailan kayo naging 50. Halimbawa, kung magiging 50 kayo anumang oras sa Agosto 2022, makakakuha kayo ng buong saklaw na Medi-Cal simula sa Agosto 1, 2022.

Paano kung tatanggihan ng Medi-Cal ang aking aplikasyon?

Makipag-ugnayan sa Health Consumer Alliance para sa libreng legal na tulong.